HM Government

Grenfell community updates

# Grenfell Tower community update: November 2025 - Tagalog / Tagalog

**Update sa komunidad ng Grenfell Tower: Nobyembre 2025**

Kinikilala namin na ang Grenfell Tower ay may malalim na personal na kahalagahan para sa mga pinakaapektado ng trahedya at na ang lupain ay sagrado para sa mga pamilya. Gusto naming maging updated kayo sa aming gawain sa maingat na paggiba ng Tower.

Sa update na ito, malalaman ninyo ang higit pa tungkol sa:

- **Pagpapaliwanag ng Tower**
- **Paglalagay ng bagong mga banner**
- **Pagmomonitor sa impormasyon tungkol sa alikabok, ingay, at pagyanig**
- **Iskedyul ng mga gawain para sa Pasko at Bagong Taon**
- **Suporta sa kalusugan at kapakanan**

Pwede ninyong makita ang mga nakaraang update sa www.gov.uk/grenfell-community-updates

## Pagpapaliwanag ng Tower

Narinig namin na mahalaga na may malinaw na paalala ng presensya ng Tower habang ito ay maingat na ginigiba. Naglagay kami ng mga ilaw para magpasinag ng mga liwanag paitaas sa bawat sulok ng Tower.

- Simula Linggo, Disyembre 14, sisinag ang mga ito gabi-gabi na magsisimula bandang 5pm, hanggang 11pm.
- Sa Disyembre 14 at Hunyo 14, bubuksan namin ang 72 sinag ng berdeng ilaw bilang paggunita sa mahahalagang petsang ito ng taon.
- Ite-test namin ang mga ilaw na ito nang sandali sa gabi ng Sabado, Disyembre 13.
- Kung gusto ninyong makita kung ano ang magiging hitsura ng mga ilaw, natutuwa kaming ibahagi ang mga larawan sa inyo – mag-email sa amin sa: GrenfellTowerSite@communities.gov.uk
- Mananatiling nakailaw mula sa takipsilim ang mga Grenfell heart banner.

## Paglalagay ng bagong mga banner

Inililipat namin pababa sa Tower ang mga Grenfell heart banner habang umuusad

ang paggawa. Sa unang bahagi ng Enero, maglalagay kami ng mga banner sa mas mababang bahagi ng Tower. Kapag naidagdag na ito, aalisin namin ang mga nasa itaas.

### Pagmomonitor sa impormasyon tungkol sa ingay, alikabok, at pagyanig

Nangangako ang pamahalaan na titiyakin na ang lahat ng gawain sa lugar ng Grenfell Tower ay isasagawa ayon sa pinakamataas na pamantayan. Nananatiling pangunahing priyoridad namin ang kalusugan at kaligtasan ng komunidad at ng mga taong nagtatrabaho sa lugar.

Mayroong tatlong monitor ng pagyanig sa lugar ng Tower at limang monitor ng kalidad ng hangin, at tatlong monitor ng ingay sa paligid ng hangganan ng lugar, lahat ng ito ay nangangalap ng datos sa mismong oras. Bawat buwan, inilalathala namin ang datos na ito. Upang makita ang datos mula Setyembre 29 hanggang Nobyembre 2, i-click ang mga link sa ibaba:

Ulat ng pagmomonitor sa ingay – Setyembre 29 hanggang Nobyembre 2, 2025

Ulat ng pagmomonitor sa alikabok – Setyembre 29 hanggang Nobyembre 2, 2025

Ulat ng pagmomonitor sa pagyanig –Setyembre 29 hanggang Nobyembre 2, 2025

Patuloy na susuriin at imo-monitor ng UK Health Security Agency (UKHSA) ang kalidad ng hangin sa paligid ng Grenfell Tower habang isinasagawa ang trabaho. Ibinabahagi nila ang kanilang mga ulat bawat buwan. Maaari ninyong makita ang pinakabagong ulat dito:
Pagmomonitor sa kapaligiran pagkatapos ng sunog sa Grenfell Tower - GOV.UK

### Iskedyul ng mga gawain para sa Pasko at Bagong Taon sa lugar ng Grenfell Tower

- Biyernes, Disyembre 19, 8.30am hanggang 12pm – normal na trabaho sa umaga sa lugar
- Biyernes, Disyembre 19, 12pm hanggang 5pm – ititigil ang trabaho ng 12pm at ihahanda ang lugar para sa bakasyon ng Pasko at Bagong Taon
- Lunes, Disyembre 22 hanggang Linggo, Enero 4 – walang ginagawa sa lugar, maliban sa karaniwang seguridad at pagmamantini
- Lunes, Enero 5, 8.30am hanggang 5pm – muling magsisimula ang maingat na paggiba ng Grenfell Tower pagkatapos ng bakasyon ng Pasko at Bagong Taon

### Suporta sa kalusugan at kapakanan

Patuloy na magiging available ang suporta para sa emosyonal at pisikal na kagalingan ng mga pamilyang naulila, mga nakaligtas, at mga residente sa paligid habang isinasagawa ang maingat na paggiba sa Tower.

Kung nais n'yo ng taong makakausap, puwede kayong:

- Tumawag sa Grenfell Wellbeing Service sa 020 8637 6279
  (8am hanggang 8pm, araw-araw)
- Tumawag sa single point of access advice line ng Central and North West London NHS Foundation Trust (CNWL) sa oras ng emergency, sa:
  0800 0234 650 (bukas 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo)
- Email: grenfell.wellbeingservice@nhs.net
- Bisitahin ang: www.grenfellwellbeing.cnwl.nhs.uk para sa karagdagang impormasyon

Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa mga available na serbisyo, bisitahin ang www.grenfell.nhs.uk

### Kung paano makikipag-ugnayan sa amin o makakakuha ng karagdagang impormasyon

Nais naming magbahagi ng impormasyon sa paraan na makabuluhan sa inyo. Patuloy kaming magbabahagi ng mga regular na update at impormasyon sa mga darating na buwan sa www.gov.uk/grenfell-community-updates  Kung mas gusto ninyo, puwede naming i-email direkta sa inyo ang aming mga regular na update.

Maaari kayong makipag-usap sa mga opisyal at sa aming pangunahing kontratista upang talakayin ang mga trabaho, ibahagi ang anumang alalahanin, at magtanong sa aming mga regular na pagpupulong. Ang susunod na pagpupulong ay sa Disyembre 16 – kung gusto ninyong dumalo, kontakin kami sa email address sa ibaba para sa mga detalye. Handa kaming makipag-usap sa inyo nang indibidwal o bilang grupo sa oras, petsa, at lugar na maginhawa at komportable para sa inyo.

Mangyaring makipag-ugnayan sa amin kung may mga tanong o alalahanin kayo kaugnay ng gawain, o kung nais ninyong magsaayos ng pakikipag-usap sa amin. Maaari n'yo kaming kontakin sa email na: GrenfellTowerSite@communities.gov.uk

ara sa pinakabagong mga update sa Grenfell Tower, at upang mag-sign up para sa mga notification sa email, pumunta sa: www.gov.uk/grenfell-community-updates o i-scan ang QR code sa ibaba.

Nais naming malaman mula sa inyo kung paano ninyo mas gustong makatanggap ng mga update tungkol sa aming mga ginagawa bilang tugon sa trahedya sa Grenfell Tower. Kung nais ninyo, maaari ninyong ibahagi ang inyong opinyon sa

pamamagitan ng maikling feedback form:
Komunidad ng Grenfell: Communications Feedback Form - GOV.UK